




Bunga ng malaking pinsala sa Kamaynilaan pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig noong 1945, nangailangan ang Unibersidad ng Pilipinas na humanap ng lugar upang maging bago nitong tahanan.

Event poster



Ang “Lupang Hinirang” ng UPD

IMAGES COURTESY OF
Office for Initiatives in Culture and the Arts



Bust ni Sherlyn Cadapan na likha ni Manolo Sicat



Diliman Commune art installation nina Mapee D.Z. Singson, Rodrigo De La Paz at Christofer Hizon

Noong 1949 ay lumipat ang Unibersidad sa Diliman, Lungsod Quezon at ito ang kanyang naging “bagong lupang hinirang” — tahanan ng malayang kaisipan ng mga iskolar ng bayan.

Ang “Lupang Hinirang Virtual Exhibit: Mga Kuwento ng Pagsasalugar ng UP Diliman” (<https://lupanghinirang.upd.edu.ph>) ay isang pagbabalik-tanaw sa ika-70 anibersaryo ng paglipat ng Unibersidad mula Taft Avenue sa Maynila patungong Diliman, at ang mga pangyayaring naganap mula noon. Ito ay ang birtuwal na bersiyon ng pisikal na eksibit na inilagak sa Bulwagan ng Dangal University Heritage Museum noong Pebrero 12 hanggang Abril 12, 2019. Nasa mga wikang Filipino at Ingles ang online exhibit.

Ang parehong bersiyon ng eksibit ay hatid ng UP Diliman (UPD) Office for Initiatives in Culture and the Arts (OICA). Malaking tulong ang online exhibit para sa mga nais makita ang nilalaman nito ngunit hindi makapunta sa museo.

Ayon sa mga tala ng curator na sina Prop. Cecilia S. de la Paz, PhD, at Prop. Ricardo T. Jose, PhD, ang mga kuwento ng pagsasalugar ay “mga artikulasyon ng pinagmulan at mga paraan ng pamamalagi ng isang komunidad. Ito ay isang naratiba na maaaring nasa anyo ng kasaysayang institusyonal, kasaysayang oral, malikhaing pagsulat, sining biswal, o kaya ay pagtatanghal — ang kuwento ay isang dinamikong pagsasabuhay ng mga ideya ng pagkakakilanlan — mayroon itong boses at perspektiba na naka-ugat sa kasaysayan, isinusulong sa kasalukuyan at hinuhubog ang hinaharap.”

Sinabi rin nila na “ang kuwento ng UPD ay masasabing malalim at makulay. Layunin ng eksibisyon na tahakin ang mga kuwento ng pagsasalugar mula sa lente ng kasaysayan, antropolohiya at heograpiya, gamit ang pamamaraang arkibo, etnograpiya, mga panayam, palihan at konsultasyon, at pagtatanghal ng mga likhang-sining na ukol sa buhay at kultura ng UPD.”

Si De la Paz ay propesor sa Department of Art Studies ng Kolehiyo ng Arte at Literatura at kasalukuyang direktor ng OICA. Si Jose ay propesor sa Departamento ng Kasaysayan ng Kolehiyo ng Agham Panlipunan at Pilosopiya at kasalukuyang direktor ng Third World Studies Center.

Ang portal ng online exhibit ay may dalawang pangunahing bahagi – Tungkol sa Eksibit at Mga Bahagi ng Eksibit.

TUNGKOL SA EKSIBIT. Maliban sa tala ng mga curator, ipinakita rin sa bahaging ito ang daloy ng eksibit sa pamamagitan ng isang video presentation (may habang 6 na minuto at 3 segundo) kung saan ay nag-virtual tour sa mismong museo upang ipakita ang iba’t ibang bahagi ng eksibit, at presentasyon ng 38 larawan ng mga nasa loob ng museo. Nasa bahagi ring ito ang isang hyperlink para makakuha ng monograp ng eksibit (42 pahina) na nasa pormang PDF at makakapili kung Filipino o Ingles ang ida-download.

May isa ring video ng excerpt mula sa pangwakas na talakayan ng pisikal na eksibit, “Routes in Place-making: History, Memories, and Stories of UP Manila and UP Diliman,” na ginanap noong Marso 29, 2019. Ang mga naging tagapagsalita ay sina Jose, Prop. Joseph Palis at Prop. Monica Santos ng UPD, at sina Prop. Honey Libertine Achanzar-Labor, Prop. Celia M. Bonilla at Prop. Rosemarie O. Roque ng UP Manila.

MGA BAHAGI NG EKSIBIT. May pitong seksiyon ang eksibit at ang bawat bahagi ay may iba’t ibang lamang elemento tulad ng mga teksto, larawan, bidyo, audio recording, mapa at hyperlink sa isang portal. Layunin ng bawat bahagi na mailahad ang mga kuwento at saloobin ng iba’t ibang sektor na nasa loob ng kampus.

PINAGMULAN. Sa pamamagitan ng kopya ng larawan ng Batas Blg. 1870 mula sa Official Gazette ng Republika ng Pilipinas, ipinakita kung paano naitatag ang Unibersidad ng Pilipinas noong 1908 sa Maynila, ang mga unang naitatag na kolehiyo, ang pakikisangkot ng mga mag-aaral at guro sa mga isyung panlipunan, ang mga usapin sa planong paglipat sa Diliman, hanggang sa magsimula ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig at sa pagtatapos nito noong 1945 ay napilitan ang buong Unibersidad na lisanin ang Maynila at tumungong Diliman sa Lunsod Quezon.

EXODO. Sa bahaging ito ng online exhibit ay ipinakita ang mga larawan ng isang makulay na parada ng Oblation mula Padre Faura tungong Diliman noong Pebrero 11, 1949 kung saan ay pormal na inilunsad ang pagdiriwang ng ika-40 taong anibersaryo ng UP at ng opisyal na paglipat nito sa bagong tahanan. Ang mga larawan ay nasa museo pati ang reproduksyon ng istrukturang pangprotekto sa Oblation habang nililipat ito, at ang orihinal at kopya ng UP Quadregesimal Anniversary and Open House Program (Pebrero 11-12, 1949).

Sa bahagi ring ito ng online exhibit ipinakita ang 20 larawan ng mga unang gusali sa kampus at mga konstruksiyong nagaganap sa unang dekada ng UP sa Diliman.

SAKRIPISYO. Ang Oblation ay ang materyal na salin ni Guillermo Tolentino sa ikalawang saknong ng Mi Ultimo Adios ni José Rizal, bilang pagtugon sa hiling ni Pangulong Rafael Palma ng UP. Pinasinayaan sa Araw ng mga Bayani noong 1935, ang Oblation ay iniugnay sa pagsasakatawan at pag-alaala sa kabayanihan ng mga Pilipinong inialay ang kanilang sarili para sa bayan, mula noon hanggang ngayon.

Mayroong audio recording (isang minuto at 48 segundo) sa bahaging ito ng “Nasaan ang Kabataan” halaw mula sa Kabanata 19 ng El Filibusterismo ni José Rizal. Ibinahagi rin dito ang maikling tala ng buhay ni Tolentino at ang Obra na kanyang nilikha.


ISKOLAR NG BAYAN. Ang pag-aaral sa UP ay nakasandig sa prinsipyong mahigpit ang relasyon ng kaalamang teoretikal at aplikasyon nito sa lipunang Pilipino. Ang edukasyong nakakamit ng iskolar ng bayan ay nagmumula sa mga aklat at aralin, masusing pananaliksik at pagsusuri, at direktang pakikisangkot sa kanyang kapaligiran at lipunan.

Sa seksiyong ito kinikilala ang mga iskolar ng bayan na walang takot na ginamit ang kanilang husay, galing, at talino upang mapabuti at mabanyuhay ang lipunan, at sa ilang pambihirang pagkakataon ay ibinuwis ang buhay para sa bayan. Kasama rin dito ang “Diliman Commune” at ang “Mga Mukha ng Aktibismo sa UPD.”

PAMAYANANG PANLIPUNAN. Bilang isang pampublikong institusyon, ang UPD ay ginagalawan ng iba’t ibang sektor ng lipunan — mga guro, estudyante, kawani, alumni, trabahador, manininda, guwardiya, drayber, migrante, kamag-anakan, residente at iba pa—na patuloy nagbibigay-kahulugan at humuhubog sa buhay sa loob at labas ng kampus. Sa pamamagitan ng pananaliksik at pakikipagkuwentuhan sa iba’t ibang sektor o stakeholder ng UPD, hinihikayat ang pakikinig sa iba’t ibang boses, pananaw, at karanasan ng panananahan sa loob ng kampus.

MGA KUWENTO SA MAPA. May iba’t ibang mapa sa kasaysayan ng mga tao at bawat mapa

Isa sa mga bahagi ng Lupang Hinirang exhibit



ay may kanya-kanyang gamit. Sa seksiyong ito itinatampok ang mga “story map” ukol sa UPD (<https://www.arcgis.com/apps/MapSeries/index.html?appid=0942163ddbc4451496d4a2bb77c6ebc7>). Ang mga kuwentong ukol sa mga damdamin, tambayan, kalsada, hayop, multo, pagkain at iba pa ay mga pang-araw-araw na kuwento ng buhay sa kampus na nagpapakita ng dinamikong relasyon ng lugar at ng mga taong nagbibigay-pakahulugan sa mga lugar na kanilang ginagalawan.

BUHAY UP SA SINING. Ang buhay sa UPD at mga karanasan ng mga taong gumalaw at gumagalaw dito ay madalas na maging paksain ng mga likhang-sining. Pinakatanyag na rito ay ang obra ni Larry Alcala,

Pambansang Alagad ng Sining, sa “Slice of Life,” 1983, ukol sa buhay sa UPD – ang mga sagisag-kultura ng buhay UP na biswal at perpormatibo, gayundin ang mga “tipos del pais” o mga tipo ng mamamayan sa UPD. Binigyang-pugay ang “Slice of Life” ni Alcala ng mga guro mula sa UP College of Fine Arts sa pamamagitan ng makabagong bersiyon nito para sa 2019. Gayundin, ang mga komiks ni Manix Abrera ay tumutukoy sa relasyon ng mga miyembro ng komunidad ng UPD.

Katuwang ng OICA sa pagbuo ng pisikal at birtuwal na eksibit ay ang UP Main Library, Opisina ng Bise Tsanselor para sa Pananaliksik at Pagpapaunlad, Kolehiyo ng Arkitektura, Kolehiyo ng Sining Biswal at UP Theater Complex.

Ilan sa mga bahagi ng Lupang Hinirang online exhibit



ANG OBLATION

Ang Iskultor

Si Guillermo Tolentino (24 Hulyo 1890 – 12 Hulyo 1976) ay isang batikang eskultor sa estilong neo-klasismo na tinanghal bilang Pambansang Alagad ng Sining sa Sining Biswal (Eskultura) noong 1973. Siya ay nagtapos sa Paaralan ng Sining Biswal ng Unibersidad ng Pilipinas at pagkatapos magpakadalubhasa sa Estados Unidos at Europa ay naging propesor at direktor sa Pamantasan ding ito. Dito niya nilikha ang kanyang obrang ang Oblation, na siyang naging pinakakilalang simbolo ng Unibersidad. Kabilang rin sa mga tanyag na likha ni Tolentino ang Monumento ni Bonifacio sa Calocan.

Ang Obrang

Tumatalima ang Oblation sa estilong neo-klasismo o beaux arts, na naglalayong iwangis ang likha sa ideal na hubog at anatomikong proporsiyon ng tao. Bagaman nabanggit ni Tolentino na ibinatay niya ang likha sa dalawang modelo—isa para sa hubog, at isa pa para sa mahabang proporsiyon ng katawan—hindi niya tinukoy ang partikular na modelo sa mga bahagi ng iskultura.

Mayroong tansong bersiyon ng Oblation na nakatindig sa bawat kampus ng Unibersidad ng Pilipinas. Ang pinakaunang bersiyon ay likha ni Tolentino noong 1958 na ngayon ay nasa UP Diliman. Ito ay nakatayo sa isang pedestal na gawa sa mga pinagpatung-patong na bato mula sa Ilog ng Montalban (ngayon ay Marikina). Ang Oblation ng UP Manila, Baguio, at Iloilo ay likha ni Anastacio Caedo. Nilikha naman ni Napoleon Abueva ang nakatayo ngayon sa UP Los Baños, Tacloban, Miag-ao, at Davao. Si Grace Javier-Alfonso ay lumikha ng bersiyon para sa UP Open University at Philippine General Hospital. Sa mga bersiyong nabanggit, gumamit ang mga eskultor ng cast mula sa orihinal na Oblation; habang ang mga likha ni Javier-Alfonso para sa UPD Extension Program sa Pampanga at Bonifacio Global City (BGC), gayundin ang likha ni Fidel Araneta para sa UP Cebu, ay inihallow sa orihinal, ngunit ginamitan ng bagong disenyo. Sa lahat ng bersiyon ng Oblation, mayroong halamang katak-taka sa kaniyang kanang paa, na sumisimbolo sa diwa ng paglilingkod.

SAKRIPISYO

Matikas at walang kining nakatindig habang nakaangat ang dibdib. Nakalantad ang mga braso at nakabuka ang mga kamay. Nakatingala ngunit nakapikit; tila buong-pusong handang ihandog ang kaniyang sarili.

Ang Oblation ay ang materyal na salin ni Guillermo Tolentino sa ikalawang saknong ng *Mi Ultimo Adios* ni José Rizal, bilang pagtugon sa hiling ni Pangulong Rafael Palma. Pinasinayaan sa Araw ng mga Bayani noong 1935, ang Oblation ay inihugay sa pagsasakatawan at pag-alala sa kabayanihan ng mga Pilipinong inilay ang kanilang sarili para sa bayan. Kakabit ng pakahulugan ito ang panawagan para sa makabayang pagtugon, na lalong nabigyang-diin noong 1939, kung kailan binasa sa harapan ng Oblation ang mga dalit ni Rizal para sa kabataan sa kaniyang akdang *El Filibusterismo*.

Noong 11 Pebrero 1949, sa ika-40 anibersaryo ng unibersidad, inilipat ang orihinal na Oblation mula sa Padre Faura patungo sa Oblation Plaza sa Diliman, kung saan nanatili ito hanggang palitan ng tansong bersiyon noong 1958.

Sa katapusan ng 1967, bilang pagpuna sa mga kakulangan ng administrasyon, malawakang nagprotesta ang mga mag-aaral. Sa unang pagkakataon, binalutan ng itim na tela ang Oblation at sinabitan ng mga plakard ang kaniyang mga kamay. Sa kabila ng pagsalungat dito ng administrasyon, nagbunsod iyon ng bagong pagpapakahulugan sa Oblation—ang pagkilos laban sa pang-aapi at kawalan ng katarungan.

Sa kasalukuyan, ang Oblation ay itinuturing na mahalagang simbolo ng Unibersidad. Habang humuhugot



0:00 / 1:48

*Nasaan ang Kabataan (2019)
Halaw mula sa El Filibusterismo (Kabanata 19) ni José P. Rizal
Salin sa Tagalog ni Patricia Mariano
Dramatikong pagbigkas ni Esteban Fulay, Jr. and Karl Erich Salenda
Direksyon ni Bryan Viray*

◀ UNANG DEKADA

ANG OBLATION ▶